CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Agosto 20, 2020
Pakikipag-ugnay: Monique De La Garza, Klerk ng Lungsod, 562.570.6101, CityClerk@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ay Magiging Tirahan ng 16 na Drop Boxes ng Pagboto sa Mail sa Heneral na Halalan ng Pangulo

Long Beach - Ang Opisina ng Klerk ng Lungsod ay nakipagtulungan sa County ng Los Angeles Registrar-Recorder/County Clerk (RR/CC) upang maglagay ng 16 na mga drop box na lokasyon ng Botohan sa pamamagitan ng Koreo sa Long Beach para sa Heneral na Halalan ng Pangulo.

Sa simula ng Heneral na Halalan ng Pangulo, lahat ng mga rehistradong botante ay papadalahan ng Botohan sa pamamagitan ng Koreo na balota upang tiyakin na mayroon silang ligtas at naa-access na opsyon sa pagboto sa panahon ng COVID-19 pandemya. Sa halalan na ito, papalawakin din ng RR/CC ang numero ng mga lokasyon ng pag-dropoff sa buong county upang bigyan ang mga botante ng karagdagang pamamaraan upang ibalik ang kanilang nakumpletong balota. Labing-anim na lokasyon ng mga drop box, na magagamit 24 oras kada araw, pitong araw bawat linggo, ay ibabahagi sa buong Long Beach para sa ligtas at maginhawang pagsumite ng mga nakumpletong balota. Ang mga nakumpletong balota ay maaari ring ibalik sa pamamagitan ng koreo (walang kinakailangang selyo) o sa personal sa kahit anumang Sentro ng Pagboto.

Ang 16 na lokasyon ng drop box sa Long Beach ay kinabibilangan ng:

- Bixby Park Community Center (130 Cherry Ave.)
- Bret Harte Neighborhood Library(1595 W. Willow St.)
- Burnett Neighborhood Library (560 E. Hill St.)
- Dana Neighborhood Library (3680 Atlantic Ave.)
- El Dorado Park West Community Center (2800 N. Studebaker Rd.)
- Freeman Community Center (1205 Freeman Ave.)
- Heartwell Park Community Center (5801 Parkcrest St.)
- Houghton Park Community Center (6301 Myrtle Ave.)
- Long Beach City Hall (411 W. Ocean Blvd.)
- Long Beach Senior Center (1150 E. 4th St.)
- Marina Vista Park (5355 E. Eliot St.)
- Mark Twain Neighborhood Library (1401 E. Anaheim St.)
- Michelle Obama Neighborhood Library (5870 Atlantic Ave.)

- Ramona Park (3301 E. 65th St.)
- Scherer Park (4600 Long Beach Blvd.)
- Veterans Park (101 E. 28th St.)

Ang mga drop box na lokasyon ng Botohan sa pamamagitan ng Koreo ay magagamit simula Oktubre 5, at magsasara ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 3. Ang mga dropbox ay magagamit ng mga botante 24 na oras kada araw sa panahon ng pagboto. Ang lahat ng mga botante ay maaaring sumubaybay ng kanilang mga balota sa https://california.ballottrax.net/voter/.

Para sa kasalukuyang listahan ng mga drop box ng 24-Oras na Botohan sa pamamagitan ng Koreo ng County ng Los Angeles, upang tingnan ang iyong impormasyon sa pagrehistro, o paghiling ng balota sa ibang wika, mangyaring bumisita sa lavote.net.

###